Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
By the National Highway, Poblacion, Taytay, Palawan 5312
Mobile: 0926-505-9335 TM 0912-171-3889 TNT
Email: cenrotaytay@denr.gov.ph

Ika-31 ng Mayo 2021

DENR CENRO
TAYTAY, PALAWAN
RELEASED
BY:
DATE: 6.16.2021 CN 1906

**G. JOEL CALUGAY**
iartmajesty@yahoo.com

Ginoong Calugay,

Isang mapagpalang araw.

Ito ay patungkol sa inyong sulatroniko noong ika-17 ng Mayo 2021 na aming natanggap noong ika-28 ng Mayo 2021, kaugnay sa inyong balak na pag balik sa probinsiya ng Palawan.

Bilang sagot sa iyong katanungan, ang TIMBERLAND ay isa sa mga klasipikasyon ng lupa na hindi pwedeng pag ariin ng sinuman, ngunit ito ay maaring aplayan ng Tenurial Instrument gaya ng Socialized Integrated Forest Management Agreement (SIFMA), Forest Land Agreement (FLAg), Specialized Land Use Permit (SLUP), Memorandum of Agreement (MOA) at iba pa.

Ang tax declaration naman na iyong nabanggit, ay hindi siguradong ebidensiya ng pagmamay-ari ng lupa, subalit ito ay pwedeng maging katibayan sa pag babayad buwis ng nasabing pag-aari.

Bilang gabay, mainam na ang inyong lupang bibilihin ay hindi napapaloob sa klasipikasyong Timberland, kundi sa loob ng **Alienable and Disposable o A&D**; sapagkat ito ay pweding pag-ariin ng isang indibidwal. Maka-bubuti rin na iyong alamin ang kadastrong numero ng lupa, upang malaman sa aming opisina ang klasipikasyong napapalooban nito.

Nawa'y nabigyang linaw at kasagutan namin kayo. Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

**ALAN L. VALLE**
Community Environment and
Natural Resources Officer

Binigyang sipi:

*8888 Citizens' Complaint Hotline*
*DENR MIMAROPA Region*